# SUPPLEMENTAL LESSONS

## Sibika Baitang 1
## Ikaapat na Markahan

REX iNTERACTIVE
The online educational portal for teachers, students, and parents

Various online tools which make teaching and learning richer
and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

# Ikaapat na Markahan Baitang 1
# Karagdagang Aralin 1

## Paksa: Mga Bagay at Estruktura sa Paligid

**Layunin:**

- Nailalarawan ang pagbabago sa mga estruktura at bagay mula sa tahanan patungo sa paaralan at natutukoy ang mga mahalagang estruktura sa mga lugar na ito

**A. Panimula**

1. Pangkatin ang mga mag-aaral sa dalawa at unahang ipabuo ang mga *picture puzzle*.
2. Ipasuri ang mga larawang nabuo ng iba't ibang estruktura na matatagpuan sa pamayanan.
3. Ipatukoy ang mga ito at ilarawan ang mga itsura nito.
4. Itanong ang mga naitutulong ng bawat estruktura sa mga mamamayan.

**B. Paglinang**

1. Paghambingin ang mga nabuong larawan noon at ngayon, ipalarawan ang mga pagbabagong naganap (*picture analysis*).
2. Bibigyang pansin ang mga pagbabago katulad ng mga daan at mga gusali.
3. Ipatukoy ang mga pagbabago at kung ano ang kahalagahan ng mga ito sa mga mamamayan ng pamayanan.
4. Pangkatin sa dalawa ang mga mag-aaral at magpagawa ng *diorama* gamit ang *clay* na nagpapakita ng iba't ibang estruktura sa inyong paligid mula sa iyong kinaroonan.
5. Pagkakaroon ng pag-uulat pagkatapos ng gawain.

**Pangunahing Pang-unawa:**

- May mahalagang bagay at estruktura sa ating kapaligiran.

**Pangunahing Tanong:**

- Bakit mahalaga ang mga bagay at estruktura sa kapaligiran?

**Ika-21 Siglong Kasanayan:**

- Nakikiisa at nabibigyang kasagutan ang mga gawain

**Mga Kagamitan:**

- Larawan ng iba't ibang estruktura sa kapaligiran
- *Clay*
- Kuwaderno o papel

C. **Pagpapatibay**

**Paglalapat**

Ipasulat ang mga mahahalagang estruktura sa kanilang mga lugar.

**Pagtataya**

1. Pagguhit ng paboritong estruktura sa kanilang lugar.

   Isulat ang tamang sagot sa patlang.

   ____________ a. Dito pumupunta upang magdasal.

   ____________ b. Dito binibili ang mga pangangailangan natin.

   ____________ c. Dito pumapasok upang matuto.

   ____________ d. Pinupuntahan ito upang magpagamot.

Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

# Ikaapat na Markahan Baitang 1
# Karagdagang Aralin 2

## Paksa: Sa Bahay at Paaralan

**Layunin:**

- Naipaliliwanag ang konsepto ng distansiya sa pamamagitan ng nabuong mapa ng silid-aralan at paaralan

**A. Panimula**

1. Hatiin sa dalawang pangkat ang mga mag-aaral.
2. Ipaayos ang mga larawan ng mga bagay na matatagpuan sa loob ng silid-aralan at paaralan.

   Unang Pangkat – mga larawan ng mga bagay na matatagpuan sa loob ng silid-aralan

   Ikalawang Pangkat – mga larawan ng mga bagay na matatagpuan sa loob ng paaralan

**B. Paglinang**

**Oo/Hindi Kard**

1. Magpagawa ng isang kard sa bawat mag-aaral.
2. Ipatala sa isang bahagi nito ang Oo at Hindi sa kabila.
3. Magtanong at ipasagot ito sa klase.
4. Kapag alam nila ang sagot, itaas nila ang kard na Oo at kung Hindi, itaas ang kabilang bahagi nito.
5. Pagkatapos ay ipasukat ang layo ng bawat bagay na inayos gamit ang *ruler* o *compass*.
6. Itanong ang sumusunod:
   a. Gaano ang layo ng bawat bagay sa isa't isa?
   b. Paano natutukoy ang kinaroroonan ng bawat isa?
   c. Ipaliwanag ang kahulugan ng distansiya ayon sa inayos na mga bagay.

**Pangunahing Pang-unawa:**

- Masasabi natin ang lokasyon at distansiya ng lugar sa tulong ng mga direksiyon.

**Pangunahing Tanong:**

- Paano mo masasabi kung nasaan ang isang bagay o isang lugar?

**Ika-21 Siglong Kasanayan:**

- Naipararating nang epektibo ang mga kaisipan at ideya sa iba't ibang uri ng konteksto at paraang berbal at hindi berbal

**Mga Kagamitan:**

- Mga larawan
- *Ruler* o *compass*

C. **Pagpapatibay**

**Paglalapat**

Ipasulat ang distansiya ng bawat bagay sa loob ng silid-aralan.

**Pagtataya**

Kompletuhin ang mga pangungusap:

a. Mahalaga ang distansiya sa pag-aayos ng mga bagay upang

___________________________________

___________________________________.

b. Nakatutulong ang tamang distansiya sa pagbuo ng mapa dahil

___________________________________

___________________________________.



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

# Ikaapat na Markahan Baitang 1
# Karagdagang Aralin 3

## Paksa: Pangalagaan ang Kapaligiran

**Layunin:**

- Nakapagbibigay ng halimbawa ng mga gawi at ugali na makatutulong at nakasasama sa sariling kapaligiran, tahanan, at paaralan

**A. Panimula**

1. Paghula ng ilang kilos sa pamamagitan ng "I-arte Mo."

   Halimbawa: pagluluto, pagtatanim, at pagbibigay galang sa pambansang awit

2. Pagpapanood ng maikling *video clip* ukol sa mga nakagawiang gawin ng mga Pilipino.

**B. Paglinang**

***Round table***

1. Hatiin sa apat na pangkat ang mga mag-aaral.
2. Bigyan ng papel ang bawat pangkat at ipatala ang mga ugali at gawi ng mga Pilipino.
3. Ipasa ang papel sa kaliwa para isulat ang mga nakagawiang gawin ng mga Pilipino.
4. Ipagpatuloy ang ganitong proseso hanggang ang lahat ng kasapi ng pangkat ay nakapagsulat ng kanilang sagot.
5. Iulat ito sa klase at tukuyin ang mga nakagawiang ugali nating mga Pilipino.
6. Ipatukoy ang mga ito kung makatutulong o nakasasama sa kapaligiran, tahanan, at paaralan.

**C. Pagpapatibay**

**Paglalapat**

Ihanay ang mga gawi at ugali kung ito ay nakabubuti o nakasasama sa kapaligiran, tahanan, at paaralan.

**Pangunahing Pang-unawa:**

- May iba't ibang paraan para mapangalagaan ang kapaligiran.

**Pangunahing Tanong:**

- Paano mo pinangangalagaan ang ating kapaligiran?

**Ika-21 Siglong Kasanayan:**

- Nagagampanan ang mga responsibilidad sa mga pinagtulungang gawain at kontribusyon ng bawat isa sa grupo

**Mga Kagamitan:**

- *Video clip*
- Papel

1. Paghihiwalay ng basurang nabubulok at di-nabubulok
2. Hindi pagsusuot ng I.D.
3. Pagtatanim ng puno sa bakuran
4. Pagtitipid ng tubig
5. Pagkakalat sa paligid
6. Pagpila sa pagbili sa kantina
7. Pananakit ng alagang hayop
8. Panonood ng T.V. maghapon

| Makabubuti sa kapaligiran, tahanan, at paaralan | Nakasasama sa kapaligiran, tahanan, at paaralan |
|---|---|
| | |

**Pagtataya**

Paggawa ng *collage* ukol sa mga gawi at ugali na nagpapakita ng nakabubuti at nakasasama sa kapaligiran, tahanan, at paaralan.

**Kasunduan**

Sumulat ng islogan ukol sa mga nakagawian na makabubuti sa paligid, tahanan, at paaralan.


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**